# Awit 130

Mula sa malalim na kapighatian,
sumisigaw ako sa iyo, Panginoon.

Panginoon, pakinggan mo ang aking tinig;
hayaang makarating sa iyo
ang aking daing at pagmamakaawa.

Panginoon, kung bibilangin mo ang bawat kasalanan,
sino pa ang makakatayo sa harap mo?

Ngunit sa iyo ay may kapatawaran,
kaya't may takot
at paggalang kaming lumalapit sa iyo.

Aasahan ko ang Panginoon; naghihintay ang aking
kaluluwa sa kanya,
at nagtitiwala ako sa kanyang salita.

Higit pa sa paghihintay ng mga bantay sa umaga,
oo, higit pa sa bantay na naghihintay sa pagsikat ng
araw, gayon ako naghihintay sa Panginoon.

Israel, umasa ka sa Panginoon,
sapagkat sa Panginoon ay naroon ang tapat na pag-ibig,
at sa kanya ay saganang katubusan.

Siya ang magliligtas sa Israel
mula sa lahat nilang kasamaan.